REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN

# KAPASIYAHAN BILANG 94-152

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA ANG APLIKASYON NG AYALA LAND, INC. PARA SA PRELIMINARY APPROVAL/LOCATIONAL CLEARANCE AT DEVELOPMENT PERMIT NG KANILANG MADRIGAL BUSINESS PARK PHASE III PROJECT NA MATATAGPUAN SA AYALA-ALABANG, MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA.

*****************************************************************

Ipinanukala ni: Kgg. Nolasco L. Diaz

*****************************************************************

SAPAGKAT, ang Ayala Land, Inc. na may address sa 6/F MSE Bldg., Ayala Avenue, Makati, Kalakhang Maynila at kinatawan ni G. Jose O. Eustaquio III, Division Manager ay nag-apply sa Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ng isang preliminary approval/locational clearance at development permit para sa kanilang Madrigal Business park Phase III Project na matatagpuan sa Ayala-Alabang, Muntinlupa;

SAPAGKAT, matapos ang masusing pagrerepaso ng kanilang mga plano, ang developer ay napatunayang sumusunod sa mga alituntunin ng P.D. 957, ang batas na siyang sumasakop sa gawaing ito;

SAPAGKAT, ang kanilang panukalang pagtatayo ng mga commercial/office buildings at condominiums ay saklaw rin ng Section 18 ng R.A. 7279 na tinaguriang Urban Development and Housing Act;

SAPAGKAT, ang pagpapatupad ng nabanggit na proyekto ay makatutulong sa pagsulong ng kaunlaran ng Bayan ng Muntinlupa sa pamamagitan ng mga buwis na ibabayad nito sa Pamahalaang Bayan;

NGAYON, DAHIL DITO, sa bisa ng kapangyarihang ipinagkaloob (na-divolved) sa Sangguniang Bayan ng Housing and Land Use Regulatory Board (HLURB) ay napagpasiyahan na pagtibayin ang aplikasyon ng Ayala Land, Inc. para sa development permit ng kanilang Madrigal Business Park Phase III Project na matatagpuan sa Ayala-Alabang, Muntinlupa.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-92nd regular na pulong na ginanap ngayong ika-11 ng Hulyo, 1994.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

(Absent)
KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan